タガログ語・Tagalog

# Gabay sa Aplikasyon ng Pagpasok sa Nursery para sa FY 2026


（令和８年度入園手続きについて）

☐ **Proseso ng Aplikasyon（今後の流れ）**

Disyembre – Pagsusuri ng pamantayan sa pagpasok at pagsasaayos ng paunang pag gamit.
Unang linggo ng Enero – Pagpapadala ng abiso sa alok ng trabaho (※1)
Unang linggo ng Pebrero – Pangalawang pagsasaayos ng pag gamit (Pagsusuri ng pamantayan sa pagpasok)
Unang linggo ng Marso – Pangatlong pagsasaayos ng pag gamit (Pagsusuri ng pamantayan ng pagpasok)
Huling linggo ng Marso – Liham ng pahintulot sa pagpasok at abiso ng pagpapasiya ng bayad sa pangangalaga ng bata (※2) at sertipiko ng pagbabayad (※3)
Ang abiso ng pagpapasiya ng bayad sa pagkain sa sentro ng pangangalaga ng bata (※4).padala（※5）

(※1) Hindi opisyal, makakatanggap ng Notification of Enrollment Approval (※2) para sa pinal na desisyon
(※2) Abiso para sa Enrollment Approval at Nursery Fees.
(※3) Abiso para sa dahilan ng pagpapa-alaga, oras at araw. (para sa mga bagong pasok na bata lamang)
(※4) Abiso para sa gastusin sa pagkain ng mga batang nasa 3 taon gulang pataas (*nenshou*).
(※5) Para sa mga nagpaplanong lumipat sa Minokamo City, ipapadala ang abiso matapos makumpirma ang paglipat ng tirahan.

☐ **Regulasyon sa Pagpapa-alaga（利用調整）** Susuriin ang detalye sa oras ng aplikasyon. Prayoridad sa pag-apruba sa kanilang napiling Nursery ang mga pamilyang may higit na pangangailangan sa pagpapa-alaga ng bata. (Para sa Kategorya 1 ng *Kodomoen*, pipiliin lamang ang bilang ng maa-aprubahan kung lumabis ang bilang ng mga nag-apply sa bawat pasilidad. Para sa *Yamanoue Kodomoen*, kung labis ang bilang ng mga nag-apply, ay magiging “bunutan ng pangalan” ang paraan ng pagpili.)



☐ **Pagkansela ng Aplikasyon（取下げ）** Para sa mga nais magpakansela ng aplikasyon, mangyaring mag-sumite ng Withdrawal from Nursery School Application Form (*Nyuen Moushikomi Torisagesho*) sa Child Care Division.

☐ **Mga Dapat Tandaan（注意事項）** Sa tuwing buwan ng Disyembre hanggang Enero, may mga kaso na kayo ay makatanggap ng gabay para sa Health Check-up atbp. ngunit <u>hindi</u> ito nangangahulugan na aprubado na ang inyong Application sa pagpasok sa Nursery ng inyong anak.

☐ **Plano ng Paglipat ng Tirahan（転入予定）** Para sa mga nagpa-planong lumipat sa Lungsod ng Minokamo, mangyaring tapusin ang proseso ng pag-lipat ng address sa lungsod ng Minokamo hanggang ika-31 ng Marso taong 2026. Ito ang magiging pangunahing batayan upang makapag-apply sa pagpasok sa Nursery ng lungsod para sa buwan ng Abril ang inyong anak. Makakansela ang inyong Application kung hindi ninyo matapos ang proseso ng paglipat.

☐ **Pagpasok sa ibang Lungsod（広域入所）** May mga ilang kondisyon na kailangang isaalang-alang para sa mga nais ipasok ang kanilang anak sa ibang pasilidad maliban doon sa mga nasa loob ng lungsod ng Minokamo.

1. Ang lugar na pinagta-trabahuan ay nasa Lungsod kung saan naroon din ang nais na pasilidad.
2. Bumalik sa ibang lungsod na lugar ng iyong magulang upang magsilang ng anak.

At para sa iba pang mga kondisyon, mangyaring komunsulta lamang sa aming opisina.

**Ang pag-renew ng aplikasyon para sa ibang lungsod ay ginagawa taon-taon kaya walang kasiguraduhan na ang bata ay makaka-pagpatuloy sa nasabing pasilidad hanggang sa makapagtapos sa Nursery. Mangyaring kumonsulta agad kung may mga pagbabago sa lugar ng inyong trabaho, pagdadalang-tao, panganganak o kung kukuha ng bakasyon para mag-alaga ng bata (Childcare Leave).

☐ **Planong Pagbalik sa Trabaho（就労予定）** <u>Sa mga nag-apply na may planong bumalik sa trabaho, kailangan ninyo magpasa ng [Working/Returning to Work Certificate] sa loob ng isang buwan matapos kayo ay makabalik sa trabaho.</u>



Para sa mga katanungan:

| Minokamo City<br>Child’s Health Department, Child Care Division | |
|---|---|
| TEL | 0574-28-1131 (Ext.387) |